# Talaga ngang humiling ka tungkol sa isang dakilang gawain. Tunay na ito ay talagang madali sa sinumang nagpadali nito si Allāh sa kanya

Ayon kay Mu`ādh bin Jabal (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, magpabatid ka po sa akin ng isang gawaing magpapasok sa akin sa Paraiso at maglalayo sa akin mula sa Impiyerno." Nagsabi siya: "Talaga ngang humiling ka tungkol sa isang dakilang gawain. Tunay na ito ay talagang madali sa sinumang nagpadali nito si Allāh sa kanya. Sasamba ka kay Allāh at hindi ka magtatambal sa Kanya ng anuman. Magpapanatili ka ng pagdarasal. Magbibigay ka ng zakāh. Mag-aayuno ka sa Ramaḍān. Magsasagawa ka ng ḥajj sa Bahay [ni Allāh]." Pagkatapos nagsabi siya: "Hindi ba ako gagabay sa iyo sa mga pinto ng kabutihan? Ang pag-aayuno ay kalasag. Ang kawanggawa ay umaapula sa kamalian kung paanong umaapula ang tubig sa apoy. Ang pagdarasal ng tao sa kailaliman ng gabi [ay gayon din]." Pagkatapos bumigkas siya (Qur'ān 32:16-17: {Naghihiwalayan ang mga tagiliran nila palayo sa mga hinihigaan,} hanggang sa umabot siya, {... dati nilang ginagawa.} Pagkatapos nagsabi siya: "Hindi ba ako magpapabatid sa iyo hinggil sa ulo ng usapin sa kabuuan nito, poste nito, at rurok ng tugatog nito?" Kaya nagsabi ako: "Opo, O Sugo ni Allāh." Nagsabi siya: "Ang ulo ng usapin ay ang Islām, ang poste nito ay ang pagdarasal, at ang rurok ng tugatog nito ay ang pakikibaka." Pagkatapos nagsabi siya: "Hindi ba ako magpapabatid sa iyo hinggil sa pinakasaligan niyon sa kabuuan niyon?" Nagsabi ako: "Opo, O Propeta ni Allāh." Kaya humawak siya sa dila niya at nagsabi siya: "Pigilin mo sa iyo ito." Kaya nagsabi ako: "O Propeta ni Allāh, at tunay na kami po ay talagang mga pananagutin sa anumang sinasalita namin?" Kaya nagsabi siya: "Mangulila nawa sa iyo ang ina mo, O Mu`ādh! May magsusubsob kaya sa mga tao sa Impiyerno sa mga mukha nila o sa mga ilong nila kundi dahil sa mga ani ng mga dila nila?"}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy]

Nagsabi si Mu`ādh (malugod si Allāh sa kanya): Ako minsan ay kasama ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa isang paglalakbay, saka ako isang araw ay naging malapit sa kanya habang kami ay humahayo, kaya nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, magpabatid ka po sa akin hinggil sa isang gawaing magpapasok sa akin sa Paraiso at maglalayo sa akin mula sa Impiyerno. Nagsabi siya: "Talaga ngang humiling ka sa akin tungkol sa isang gawaing mabigat ang paggawa nito sa mga kaluluwa. Tunay na ito ay talagang magaang madali sa sinumang nagpadali nito si Allāh doon. Gampanan mo ang mga tungkulin sa Islām. 1. Sasamba ka kay Allāh – tanging sa Kanya – at huwag kang magtambal sa Kanya ng anuman. 2. Magpapanatili ka ng limang pagdarasal na isinatungkulin sa araw at gabi: sa madaling-

araw, tanghali, hapon, paglubog ng araw, at gabi kalakip ng mga kundisyon sa mga ito, mga haligi ng mga ito, at mga kinakailangan sa mga ito. 3. Magbibigay ka ng zakāh na isinatungkulin. Ito ay isang pagsambang pampananalaping kinakailangan sa bawat yamang umabot sa isang kantidad na tinakdaan sa Batas ng Islām, na ibinibigay sa mga karapat-dapat dito. 4. Mag-aayuno ka sa Ramaḍān. Ito ay ang pagpigil sa pagkain, pag-inom, at iba pa sa dalawang ito kabilang sa mga tagapagpatigil-ayuno, nang may layunin ng pagpapakamananamba, mula sa pagsapit ng madaling-araw hanggang sa paglubog ng araw. 5. Magsasagawa ka ng ḥajj sa Bahay [ni Allāh] sa pamamagitan ng pagsasadya sa Makkah para magsagawa ng mga gawaing-pagsamba bilang pagpapakamananamba kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan). Pagkatapos nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Hindi ba ako magpapaalam sa iyo sa daang nagpaparating sa mga pinto ng kabutihan? Iyon ay sa pamamagitan ng pagpapasunod sa mga gawaing tungkulin ng mga gawaing kusang-loob: A. Ang Ayuno ng Pagkukusang-loob. Ito ay tagapigil sa pagkasadlak sa mga pagsuway. Iyon ay sa pamamagitan ng pagbasag sa pagnanasa at pagpapahina ng lakas. B. Ang Kawanggawa ng Pagkukusang-loob. Ito ay umaapula sa kasalanan matapos ng pagkagawa nito, nag-aalis nito, at pumapawi ng bakas nito. C. Ang Ṣalāh na Taḥajjud sa huling katlo ng gabi. Pagkatapos bumigkas ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng sabi ni Allāh (Qur'ān 32:16-17: {Naghihiwalayan ang mga tagiliran nila palayo sa ...} Ibig sabihin: Naglayuan {sa mga hinihigaan} Ibig sabihin: mga higaan. {dumadalangin sila sa Panginoon nila} sa pamamagitan ng ṣalāh, dhikr, pagbigkas ng Qur'ān, at panalangin. {sa pangamba at sa paghahangad. Mula sa itinustos Namin sa kanila ay gumugugol sila. Kaya hindi nalalaman ng isang kaluluwa ang ikinubli para sa kanila na ginhawa ng mga mata} Ibig sabihin: ang ikinagiginhawa ng mga mata nila sa Araw ng Pagbangon at sa Paraiso na kaginhawahan {bilang ganti sa anumang dati nilang ginagawa}. Pagkatapos nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Hindi ba ako magpapabatid sa iyo hinggil sa saligan ng Relihiyon, poste nito na sinasandalan nito, at rurok ng tugatog nito?" Nagsabi si Mu`ādh (malugod si Allāh sa kanya): "Opo, O Sugo ni Allāh." Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang ulo ng usapin ay ang Islām." Ito ay ang Dalawang Pagsaksi. Sa pamamagitan ng dalawang ito, magiging kasama ng tao ang saligan ng Relihiyong Islām. "ang poste nito ay ang pagdarasal," kaya walang Islām habang walang ṣalāh, kung paano na ang bahay ay hindi nagiging bahay habang walang poste. Kaya ang sinumang nagdarasal, lalakas ang pagrerelihiyon niya at aangat. "ang rurok ng tugatog nito" at ang pagkaangat nito ay sa pamamagitan ng pakikibaka at pagkakaloob ng pagsisikap sa pakikipaglaban sa mga kaaway ng Relihiyong Islām para sa pagtataas sa Salita ni Allāh. Pagkatapos nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Hindi ba ako magpapabatid sa iyo" hinggil sa pagpapatibay at pagpapahusay sa nagdaan. Kaya humawak siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa dila niya. Nagsabi siya: "Magpigil ka nito at huwag kang magsalita ng hindi nauukol sa iyo." Kaya nagsabi si Mu`ādh: "Magpapanagot kaya sa amin at magtutuos sa amin, ang Panginoon namin, at magpaparusa Siya sa amin dahil sa anumang sinasalita namin?" Nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Hanap-hanapin ka nawa ng ina mo! Ang tinutukoy rito ay hindi ang panalangin laban sa kanya subalit ito ay bahagi ng pananalita ng mga Arabe para sa pagtawag-pansin sa isang bagay na nararapat na makatawag-pansin sa kanya at magpaalam sa kanya. Pagkatapos nagsabi siya: "May magpupukol kaya sa mga tao at magpapabagsak sa kanila sa mga mukha nila sa Impiyerno kundi ang mga ani ng mga dila nila na kawalang-pananampalataya, maling paratang, pang-aalipusta, panlilibak, tsismis,

paninirang-puri, at tulad nito?"

https://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/66530

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee